Minamahal Naming ___________________;

Ang sistema ng imigrasyon ng Amerika ay nasa agarang pangangailangan ng reporma - at ang Kongreso ay may parehong responsibilidad at kapangyarihang kumilos.

Sumulat ako sa iyo sa ngalan ng We the People, na nagtataguyod para sa karapatang pantao, at isang karaniwang reporma sa imigrasyon. Nagsasama-sama tayo bilang tugon sa mga sistematikong pang-aabuso — mula sa labag sa batas na pagkulong at mga paglabag sa angkop na proseso hanggang sa tumataas na mga badyet sa pagpapatupad at malawakang deportasyon na sumisira sa mga pamilya sa buong bansa.

Hinihimok ka namin na suportahan ang isang matagal na at pragmatikong hakbang: pag-update ng "immigration registry date." Mula nang likhain ito noong 1929, ito ay apat na beses lamang na-amyendahan — pinakahuli noong 1986 sa ilalim ng pamumuno ng "bipartisan leadership" at ni Pangulong Ronald Reagan. Ang muling pag-update ng "registry" ay magbibigay ng kaluwagan at katatagan sa hindi mabilang na mga matagal nang residente na bumuo ng mga buhay sa ating mga komunidad. Ngunit ang pagkilos na ito lamang ay hindi sapat. Nananawagan din kami sa iyo na suportahan ang mga sumusunod na kritikal na usapin:

- **H.R.2366 – American Families United Act**

Ang mga hakbang na ito ay naglalaman ng mahalagang hakbang para sa ating bansa sa pagiging patas at pagkakaisa ng pamilya. Sa ngayon, mahigit 22 milyong Amerikano ang nakatira sa mga sambayanan na may may ibat-ibang "status" kabilang ang:

- **4.9 milyong mga batang mamamayan ng U.S. na may isa sa mga magulang ay "undocumented"**
- **1.7 milyong mamamayan ng U.S. na may mga "undocumented" na asawa**

Ang mga hindi napapanahon na mga batas na nagpaparusa tulad ng 1996 Illegal Immigration Reform and Immigrant Responsibility Act (IIRIRA) ay pumipigil sa mga pamilyang ito na manatili na makasama ang pamilya at mamuhay ng may takot sa pagkahiwa-hiwalay ng kanilang mga mahal sa buhay. Ang mga batas na ito ay hindi lamang hindi makatarungan — kundi ito rin ay hindi maka Amerikano.

Ang tatlong hakbang na ito ay maaaring magbigay ng landas tungo sa legalisasyon ng hanggang 8.5 milyong "undocumented" na indibidwal, kabilang ang Dreamers, TPS holder, at matagal nang residente na may malalim ng kaugnayan sa kanilang mga komunidad.

Ang reporma sa ating sistema ng imigrasyon ay may importante ding papel sa ekonomiya. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagdodoble ng imigrasyon ay maaaring tumaas ang ating ekonomiya sa $47 trilyon pagsapit ng 2050, kumpara sa $29 trilyon sa ilalim ng kasalukuyang patakaran. Ang imigrasyon ay hindi lamang isang makataong isyu - ito ay isa ring pangangailangan para sa ating ekonomiya.
Kung kaya't hinihimok ka namin na:

- Suporta sa pag-update ng "registry date" (H.R.4696)
- Suportahan ang H.R.2366
- Gawin ang nararapat para sa makabuluhang "bipartisan immigration reform"

Ang mga pagkilos na ito ay makakatulong sa pagsasama-sama ng mga pamilya, pagpapalakas ng ating ekonomiya, at pagpapanatili ng tiwala sa pangako ng ating bansa na katarungan at pagkakataon. Malugod naming tatanggapin ang pagkakataong mapagusapan ang mga bagay na ito sa iyong tanggapan. Salamat sa iyong pamumuno at serbisyo.

Taos-pusong Nagpapasalamat,

Name:______________________
Zip Code:____________________

***We The People***
6323 GEORGIA AVE. NW STE. A #55282, WASHINGTON, DC. 20011-9996
support@wethepeoplecoalition.com